

FERMENTED PLANT JUICE

Ito ay gawa sa binurong dahon at talbos ng mga halamang gaya ng ipil-ipil, malunggay, kakawate, puno ng saging o mga pinagtabasang madahon na gulay.

Mayaman ito sa nitrogen na tumutulong para yumabong at maging luntian ang halaman.

Mga Kailangan: Talbos o murang dahon ng halaman • Pulang asukal o molasses • tubig • banga o anumang sisidlan • Palanggana • Papel o katsa • Itak at tadtaran

1



Kumuha ng mga talbos at murang dahon ng halaman sa umaga. Tadtarin ng pino ang mga halamang sangkap.

Paghaluhaluin ang mga sumusunod hanggang kumatas:

2 parte ng tinadtad na halaman
1 parte ng asukal o molasses
1 parte ng tubig

2



3



Ilagay sa banga o timba at takpan ng papel o katsa. limbak ng isang lingo sa malamig at malilim na lugar.

Makalipas ang 7 araw, pigain sa katsa upang makuha ang katas. Ilagay ang binurong katas sa mga botelya at takpan ng maluwag upang makasingaw.

4



Pasasalamat:



Ang icons na ginamit ay mula sa Nounproject (<https://thenounproject.com/>)

Inihanda nina: RG Maghirang, MCPB Rodriguez, GS Rodullo at JC Bengoa. 2020. Infographics ng Fermented Plant Juice, Institute of Plant Breeding, College of Agriculture and Food Science, UP Los Baños College Laguna

Paraan ng paggamit:

Kumuha ng 2 kutsarang FPJ sa bawat 1 litrong tubig. Gamiting pambomba o pandilig sa halaman 1 beses sa isang lingo o kung kinakailangan.

Fermented Fruit Juice (FFJ)



Kakailanganin:

- Hinog na bunga o pinagbalatan
- Pulang asukal o molasses
- Banga o anumang sisidlan
- Palanggana
- Papel o katsa
- Itak at tadtaran

Ito ay gawa mula sa mga binurong hinog (over ripe) na bunga o pinagbalatan ng mga hinog na prutas kagaya ng papaya, saging, pakwan at iba pa. Maari ding gamitin ang hinog na kamatis, kalabasa at ibang bungang gulay. Ito ay mayaman sa phosphorus at potassium (pampatamis ng bunga) at kadalasan ginagamit sa panahon ng pamumulaklak at pamumunga ng halaman.

Paraan ng paghahanda:

- 1** Tadtarin ng pino ang mga bunga at pagsama-samahin.



- 2** Haluin at katasin ang mga sumusunod:
2 parte ng tadtad na bunga
1 parte ng asukal o molasses



- 3** Ilagay sa banga o timba at takpan ng papel o katsa. limbak ng isang linggo sa malamig at malilim na lugar.



- 4** Makalipas ang 7 araw, pigain sa katsa upang makuha ang katas. Ilagay ang binurong katas sa mas maliit na lalagyan (hal. bote) at takpan ng maluwag upang makasingaw.



Pasasalamat:



Ang icons na ginamit ay mula sa Nounproject (<https://thenounproject.com>)

Paraan ng paggamit:

Magtimpla ng 2 kutsarang FFJ sa 1 litrong tubig. Idilig o i-spray sa halaman lalo na sa panahon ng pamumulaklak at pamumunga ng halaman.

Inihanda nina: RG Maghirang, MCPB Rodriguez, GS Rodulfo at JC Bengoa. 2020. Infographics ng Fermented Fruit Juice. Institute of Plant Breeding, College of Agriculture and Food Science, UP Los Banos College Laguna

Water Soluble Calcium

Gawa ito mula sa balat ng itlog, balat ng alimango, talaba, kabibe, at iba pa. Mayaman ang WSC sa Calcium na nakakatulong sa pagpapabulaklak, pagpapatibay sa resistensya ng halaman, at pagpapaganda ng bunga.

Mga Kailangan:

Balat ng itlog o talaba atbp
Natural na suka
Bayuhan
Sisidlang bote o plastic
Salaan
Ihawan

Step 1

Ihawin o isangag ang mga balat ng itlog hanggang maging kulay kape.



Step 2

Durugin ng pino ang inihaw na balat ng itlog at isalin sa angkop na sisidlan.



Step 3

Haluan ng natural na suka sa daming:
1 parteng dinurog na itlog
5-10 parteng suka (1: 5-10)



Step 4

Takpan ng papel o katsa at iimbak sa malilim at malamig na lugar sa loob ng 1-2 linggo



Step 5

Makalipas ang 1-2 linggo, salain upang makuha ang sabaw. Ito ay magagamit sa loob ng 1 taon.



Pasasalamat



Ang icons na ginamit ay mula sa Nounproject (<https://thenounproject.com>)

Inihanda nina: RG Maghirang, MCPB Rodriguez, GS Rodulfo and JC Bengoa. 2020. Infographics ng Water Soluble Calcium. Institute of Plant Breeding, College of Agriculture and Food Science, UP Los Banos College Laguna

Paraan ng paggamit:

Magtimpla ng 2 kutsarang WSC sa 1 litrong tubig. Ibomba sa halaman mula sa umpisa ng pamumulaklak hanggang sa pamumunga tuwing makadalawang linggo.

Oriental Herb Nutrient

Gawa ito mula sa maaanghang at maaamoy na halaman. Mabisa itong pantaboy at panlaban sa iba't-ibang uri ng peste ng mga halaman.

Mga kailangan: Luya, bawang, sibuyas, siling labuyo, tanglad, amarillo atbp. • Suka/Tuba/Lambanog • Banga o anumang sisidlan • Papel o Katsa • Dikdikan • Tadtaran at Itak



1 Tadtarin o dikdikin ng husto ang luya, bawang, sibuyas, siling labuyo, tanglad, amarillo o anumang maamoy na halamang magagamit.

2 Ilagay sa banga o anumang lagayan ang mga tinadtad o dinikdik na halaman at ibabad sa tuba o lambanog o suka.



3 Takpan ng papel o katsa at iimbak ng 7 araw sa malilim at malamig na lugar.



4 Makalipas ang 7 araw, salain at ilipat sa isang lalagyan ang binurong katas at maari ng gamitin.

Paraan ng paggamit:

Magtimpla ng 2 kutsarang katas ng OHN sa 1 litrong tubig at ibomba sa halaman na may peste. Gawin sa umaga o pahapon.

Pasasalamat:



Ang icons na ginamit ay mula sa Nounproject (<https://thenounproject.com>)

Inihanda nina: RG Maghirang, MCPB Rodriguez, GS Rodolfo and JC Bengoa. 2020. Infographics ng Oriental Herb Nutrient. Institute of Plant Breeding, College of Agriculture and Food Science, UP Los Banos College Laguna

Fish Amino Acid



Ang FAA ay gawa mula binurong bilas-ang isda o mga hasang at lamang-loob ng mga ito.

Mga kailangang gamit:
Isda o bituka at hasang, pulang asukal o molasses, sisidlang banga o timba, panakip na papel o katsa. Maaari ding gamitin ang golden kuhol sa halip na isda.

Tadtarin ang isda. Alisin ang tinik kung malalaki ang mga ito. Haluan ang laman ng isda ng kasindaming pulang asukal o molasses at lamasing mabuti. Haluan ng lactic acid bacteria serum (LABS) upang mabawasan ang pangangamoy. Mainam din na haluan ng seaweeds.

Ilagay sa banga o timba, takpan ng papel o katsa. Iimbak ng 2 linggo sa malamig at malilim na lugar.

Makalipas ang 2 linggo pigain at salain ang katas (FAA). Isalin sa mga plastic na botelya ang FAA at lagyan ng petsa at pangalan nito. Huwag munang hihigpitan ang takip upang makasingaw.

Ang FAA ay mayaman sa Nitrogen at iba pang mineral na kailangan ng halaman sa panahon ng paglaki at pagdadahon. Magtimpla ng 1-2 kutsarang FAA sa 1 litrong tubig at ibomba o idilig sa halaman minsan isang linggo o batay na din sa lago ng mga ito. Haluan din ng FPJ at FFJ ayon sa pangangailangan ng halaman. Maaari ding ipainom sa mga alagang hayop.

Tadtaron ang 1 ka kilo isda o kuhol. Tabunan ug tunga 1 ka kilo nga kinugay o molasses. Isulod sa banga o timba. Takluban ug papel unya hiktan. I-preserbar ug napulog lima (15) ka adlaw hangtod sa trenta ka adlaw. Isagol kada lima (5) ka adlaw. Salaon ug kuhaon ang likido ug ibutang sa sudlanan o botelya. Takluban ug ibutang sa landong o bugnaw na lugar.

Paggamit:

Mahimo kini pampaberde sa dahon, ug batok sa insekto ug dangan. Kada 1 litro nga tubig isagol ang usa o duha ka kutsara nga FAA. Sprey kini matag pito ka adlaw gikan sa pagtanom hangtod sa pagbulak.

Seaweed Extract

Ang SWE ay gawa mula sa binurong seaweeds gaya ng guso. Mayaman ito sa mga mineral.

Mga kailangang gamit:
Seaweeds o guso, molasses o pulang asukal, sisidlan, papel o katsa, itak at tadtaran.

Tadtarin nang pino ang seaweeds. Haluan ng kasin-daming pulang asukal o molasses. Mas mabisa kung hahaluan din ng isda o pinaggawaan nito.

Ilagay sa banga o plastic drum at takpan ng papel o katsa. limbak ng 7 araw sa malamig at malilim na lugar.

Maaari ding iinit ng mga 15 minuto hanggang sa matunaw ang guso. Haluan ang isang kilong guso ng 20 litrong tubig na walang Chlorine. Haluing mabuti at lagyan ng 1 kilong kinugay o molasses. Ilagay sa banga o sa timba at takpan ng katsa o papel. limbak ng 7 araw bago gamitin.

Makalipas ang 7 araw pigain at salain ang katas. ilagay sa mga plastic na botelya ang katas. Huwag munang higgitan ang takip upang makasingaw.

Gumamit ng 1-2 kutsarang SWE sa bawat isang litrong tubig. Gamiting patabang pambomba sa halaman. Mayaman ito sa mga mineral at growth hormones

Fermented Coconut Juice

Ang FCJ ay gawa mula binurong laman ng magulang na niyog kasama ng sabaw nito.

Mga kailangang gamit:
Magulang na niyog,
kudkuran/kayuran, banga o
ano mang sisidlan, panakip na
papel o katsa, salaan.

Baakin ang niyog at sahurin
ang sabaw sa isang malinis na
lalagyan. Kudkurin ng pino ang
niyog.

Ihalo ang kinudkod na laman
ng niyog sa sabaw nito.
Haluing mabuti. Takpan ng
papel o katsa at iimbak sa
malamig at malilim na lugar sa
loob ng 3-4 na araw.

Makalipas ang 4 na araw
pigain at salain ang ang gata
nito. Malangis at may bahag-
yang asim ang amoy nito.
Ilagay sa botelya. Huwag
munang higgitan ang takip
upang makasingaw.

Pag-gamit:
Gamiting pampayabong
ng halaman. Ihalo ang 1
bahagi ng FCJ sa 20
bahaging tubig at siyang
ibomba sa tanim.
Mabisa ding pampaugat
ang FCJ.

FISH AMINO ACID

Ito ay gawa mula sa binurong bilasang isda, hasang at lamang-loob nito. Mayaman ito sa nitrogen at iba pang mineral na kailangan sa paglaki at pagdadahon ng halaman

Mga Kailangan:

Isda o bituka, hasang at laman loob o golden kuhol
Pulang asukal o molasses
Banga o anumang sisidlan
Papel o Katsa
Itak at Tadtaran



Unang hakbang

Tadtarin ang isda, bituka at hasang o laman ng golden kuhol. Alisin ang tinik kung malaki ang mga ito.

Pangalawang hakbang

Paghaluhaluin at lamasin ang mga sumusunod: 1 parte ng laman ng isda sa bawat 1 parte ng asukal o molasses (hal. 1 kg isda sa 1 kg asukal).

Haluan ng lactic acid bacteria serum (LABS) upang mabawasan ang pangangamoy.



Pangatlong hakbang

Ilagay sa banga o plastic drum at takpan ng papel o katsa. limbak ng 2 linggo sa malamig at malilim na lugar.



Pang-apat na hakbang

Makalipas ang 2 linggo, pigain at salain ang katas (FAA).

Isalin sa mga plastic na botelya ang FAA at takpan ng maluwa upang makasingaw. Lagyan ng tanda at petsa.

Pasasalamat:



Ang icons na ginamit
ay mula sa
Nounproject
(<https://thenounproject.com>)

Inihanda nina: RG Maghirang, MCPB Rodriguez, GSRodulfo and JC Bengoa. 2020. Infographics ng Fish Amino Acid. Institute of Plant Breeding, College of Agriculture and Food Science, UP Los Banos College Laguna

Paraan ng paggamit:

- Magtimpla ng 2 kutsara FAA sa 1 litrong tubig.
- Gamiting pambomba o pandilig sa halaman minsan sa 1 linggo o batay sa laging ng mga ito.

Lactic Acid Bacteria Serum (LABS)

Ito ay gawa mula sa tinimplang gatas na hinaluan ng pinaasim na hugas-bigas upang maparami ang Lactic Acid Bacteria.

Tumutulong ito sa halaman para tumibay ang resistensya laban sa sakit at madalas na pagbabago ng panahon. Isa din tong 'compost activator' at ginagamit pang-alis ng amoy sa kural ng mga alagang hayop

Mga Kailangan:

Hugas bigas
Gatas
Tubig
Bote o plastic na garapon
Papel o katsa
Salaan

Paraan ng paggamit:

- Magtimpla ng 2 kutsara LABS sa 1 litrong tubig
- Ibomba o idilig sa mga dahon ng halaman minsan 1 linggo o pagkatapos ng masamang panahon (matinding init, malakas na ulan o bagyo) at sa panahon ng pamumulaklak ng mga halaman.

Pasasalamat:



Ang icons na ginamit ay mula sa Nounproject (<https://thenounproject.com>)

Inihanda nina: RG Maghirang, MCPB Rodriguez, GS Rodulfo and JC Bengoa. 2020. Infographics ng Lactic Acid Bacteria Serum. Institute of Plant Breeding, College of Agriculture and Food Science, UP Los Baños College Laguna

Paraan ng paggawa:

1



Ilagay sa bote o plastic na garapon ang unang hugas bigas. Makaraan ang 30 minuto, takpan ng papel at iimbak ng 24 oras sa malilim at malamig na lugar.

2



Makalipas ang 24 oras, salain at ihalo sa tinimplang gatas, sa daming:


1 parteng hugas-bigas

10 parteng gatas (100g pulbos na gatas na tinunaw sa 1 litrong tubig)

3

Takpan ng papel o katsa at iimbak ng 1 linggo sa malamig at malilim na lugar.

4



Makalipas ang 1 linggo, salain o tanggalin ang sapal. Ang dilaw na likido ay ang lactic acid bacteria serum.